

1

Napako ang mga mata ni Sylvester sa likod ng babaeng nauuna sa kanya habang pareho silang naglalakad sa corridor ng building. He was looking specifically at her beautiful legs and swaying hips. *A beautiful feast for a man's tired eyes.*

“Damn!” mahina niyang bulong sa sarili. The thought surprised him. Maliban sa kanyang ina at mga kapatid na pulos babae, matagal nang panahong hindi naging parte ng buhay niya ang sinumang babae.

Ipinilig niya ang ulo. Ayaw na niyang balikan ang masakit na bahagi ng kanyang nakaraan. He was there for a very important matter. Something he wanted to do some years back.

Dapat ay matagal na panahon na niyang ginawa ang gagawin niya ngayon. Alam niyang puwede na niyang hindi gawin iyon pero para sa pansariling fulfillment, gusto niyang ituloy. Buo na ang kanyang desisyon. Kahit alam niyang may magtatawa at kukutya sa kanya, alam niya ring may mga taong matutuwa sa gagawin niya, iyon ay ang kanyang mga magulang at mga kapatid. He wanted them to

be proud of him.

He lacked formal education. And that was the very reason why he was there now.

He enrolled in *Alternative Learning System* in *San Alfonso Community College*. Isa iyong programa ng kaibigan niyang konsehal ng bayan ng San Alfonso kung saan binibigyan ng pagkakataon ang mga high school dropouts na makapag-aral. Kapag naipasa ang pagsusulit pagkatapos ng tatlong buwang programa, mabibigyan na ang mga estudyante ng kaukulang high school diploma para makapag-enrol sa kolehiyo.

Nang sinabi niya kay Alberto—ang kaibigang niyang konsehal—na interesado siyang mag-aral, hindi kaagad ito naniwala. He came from a wealthy family. He could read and write. He spoke the English language well even when he was still a child.

Nang nag-fill-out siya ng application form, doon lamang naniwala ang kaibigan. Natuwa pa ito dahil sigurado raw na mas maraming mag-e-enrol sa susunod na batch kapag nalaman ng mga dropouts na mismong si Sylvester Anonuevo ay mag-aaral din.

Pinapangako niya si Alberto na ilihim muna nila sa kanyang pamilya ang pagpasok niya sa *ALS*. Gusto niyang sorpresahin ang mga ito.

Bilang operations manager ng *Anonuevo Development Corporation* na sariling kompanya ng kanilang pamilya, hindi na niya kailangan pa ng pormal na edukasyon. Pero kailangan niyang sundin ang idinidikta ng kanyang puso. Kung naging matino lang siya sa pag-aaral noon, siguradong arkitekto na siya ngayon.

Hindi niya alam kung bakit napaliko pa siya ng landas noong kabataan niya gayong masasabing perpekto naman ang kanyang pamilya. His father, Engr. Silverio Anonuevo, was a good man. Mabuti rin at mapagmahal ang kanyang inang si Teresa Anonuevo. Marahil ay dahil na-pressure siya sa kanyang ama who had practiced tough discipline on him kaya nagkaganoon siya. Fourth year high school siya nang napabarkada at nalulong sa bisyo. Sa takot at kahihyan sa kanyang ama, naglayas siya. Tatlong taon din siyang tumira sa Maynila. Doon ay naranasan niya ang mamuhay sa sariling pagsisikap.

Nang makilala niya si Edna, ang kauna-unahang babaeng pinag-ukulan niya ng seryosong pagmamahal, nabago ang pananaw niya sa buhay. Nabuksan ang kanyang puso at isip. Si Edna ang naging daan para mapagtanto niya ang napakalaking pagkakamali. Bumalik siya sa sariling bayan sa San Alfonso. Humingi siya ng tawad sa mga magulang

Mismatched Lovers - Nicole Stephanie

at tinanggap siya ng mga ito nang buong puso. Ni katiting na panunumbat ay wala siyang narinig sa mga ito.

Bilang ganti sa kabutihan ng kanyang pamilya, nagsikap siya para makatulong sa kanilang negosyo. He did the dirty jobs. Naging piyon siya, naghalo ng semento, nagbuhat ng bakal at hollow blocks. Natutunan niya ang lahat ng pasikot-sikot sa kanilang negosyo maging ang paggamit ng iba't ibang construction equipment tulad ng backhoe at cement paver. Ang mga suhestyon niya sa disenyo ay pinakikingan din ng kanyang ama.

Palagi nitong sinasabi na ang kulang na lang sa kanya ay pormal na edukasyon. And that was what he wanted to give them. At ngayon na ang panahon para roon.

How he wished Edna was still around to see how he had really changed. Pero wala na ang babae. Pitong taon na magbuhat nang ito ay sumakabilang-buhay. Namatay ito sa isang matinding trahedya dalawang araw bago sila ikasal.

Nang mamatay ang nobya, pakiramdam niya ay namatay na rin ang isang bahagi ng kanyang puso— ang bahaging umiibig.

Ipinikit ni Sylvester ang mga mata bago ipinilig ang ulo. Ayaw na niyang alalahanin ang bangungot ng pagkawala ni Edna. Bangungot na muntik nang sumira sa buo niyang pagkatao. He had to stay in the US for three years to forget that unpleasant memory. Pero hindi rin siya tuluyang nakalimot. Hanggang ngayon ay dinadalaw pa rin siya ng masamang panaginip tungkol sa karumal-dumal na kamatayan ng babaeng pinakamamahal.

Sinulyapan niya ang registration form na nasa kaliwang kamay niya. Room 214 ang nakalagay roon. Sinusundan pa rin niya ang babaeng nagtataglay ng magagandang binti at bilugang balakang.

Ipinilig niya muli ang kanyang ulo. Kailan pa bumalik ang interes niya sa opposite sex? He had never paid attention to beautiful women since Edna died and that was almost seven years ago. Bilang lalaki, dumarating ang panahong nakakaramdam siya ng sexual pull pero sa tuwing darating siya sa puntong may kasama nang babae, nawawala ang kanyang enthusiasm.

But he was as normal as any other man. Ang dahilan ng kawalan niya ng interes sa opposite sex at sa pakikipagtalik, in general, ay dahil hindi pa rin niya tuluyang nakakalimutan ang nangyari kay Edna.

Mahal pa rin niya ang namayapang kasintahan.

Tama na ang pag-iisip tungkol sa babae na kung nagkataon lamang na buhay pa ito ay matagal na rin silang nagsasama sa iisang bubong bilang mag-asawa at may mga supling na. Pakiramdam kasi niya ay dinudurog ang kanyang puso sa tuwing naaalala ito.

Nakita niyang lumiko sa ladies' room ang babae. Siya naman ay nagtuloy na sa room 214. Hindi maintindihan ni Sylvester kung bakit may kaunting panghihinayang siyang naramdaman na hindi man lang niya nasilayan ang mukha ng seksing babae.

Muli, ipinilig niya ang ulo. Damn him!

Pagpasok niya sa kuwarto ay naabutan niya ang iba pang attendees ng *ALS*. There were some familiar faces in the room. Tila nagulat pa ang mga ito nang nakita siya. Naroon si Diego Andrada, ang may-ari ng *Andrada Farm*. Naroon din si Mrs. Sally Ramirez, isang ginang na may mga anak nang propesyonal. Ang iba ay kilala lang niya sa mukha. Pero alam niyang kung hindi man niya kilala ang iba roon, kilala naman siya ng mga ito. His life was an open book in San Alfonso.

He was looking for Randel. Ang lalaki ay labing-walong taong gulang na construction worker sa

kompanya nila. Binigyan niya ito ng form dahil nanghihinayang siya rito. Pinangakuan niya ito na bibigyan ng scholarship sa kolehiyo kapag nakapasa ito sa *ALS*.

He took a seat in the second row. Nasa unahan niya si Diego. Kaagad na kinausap siya nito.

“Hindi ko ini-expect na makita ka rito, Sly,” anito bago kinamayan siya.

Ngumiti siya. “Ikaw rin, Diego.”

“Ah... kailangan. Gusto kong ipagmalaki ako ng mga anak ko pagdating ng araw. Fourth year high school na ang panganay ko. Malay mong dumating ang panahong magkasabay kaming mag-graduate ng kolehiyo? Masaya siguro.”

He was still smiling when he spoke. “Ayos ‘yan, Diego. Siguradong ipagmamalaki ka ng mga anak mo.”

“Hindi nila alam ito. Gusto ko silang sorpresahin kapag nakapasa ako sa exam kaya kung sakaling makakausap mo ang asawa ko o makikita ang mga anak ko, huwag mo sanang sasabihin sa kanila,” sabi ni Diego.

“Iyan din ang sasabihin ko sa iyo. Kung

makakausap mo si Papa, huwag mo na lang banggitin kasi gusto ko rin silang isorpresa.”

Nakipag-high-five ito sa kanya. “Deal.”

Mayamaya pa’y kausap na rin niya ang iba pang kaklase. Napahinga siya nang maluwag nang makita niyang pumasok sa pintuan si Randel. Nginitian siya nito saka naupo sa kanyang tabi. Tinapik niya ito sa balikat.

Pagkuwan ay natuon ang pansin niya sa babaeng pumasok sa silid—*isang magandang babae*. Sigurado siyang ito ang babaeng sinusundan niya kanina dahil sa suot nitong tiger print skirt at blusang itim. Now he knew that lady who had beautiful pair of legs and nice butt also had a lovely face. *A face that could launch a thousand ships*, he thought.

Napalunok si Sylvester. What was a beautiful lady doing in that room? Kaklase ba nila ito? Gaya rin nila ni Diego na naghahanap ng kapunuan sa tila kulang na buhay?

Humakbang ang magandang babae sa unahan at tumayo sa harapan ng desk. Tahimik ang lahat nang magsalita ito.

“Good afternoon, everyone. My name is Sabina Cortez and I’ll be your instructress for this review

class for the *Alternative Learning System*,” nakangiting pagpapakilala nito sa sarili. “Kapag naipasa ninyo ang exam pagkatapos ng program na ito, you will earn your high school equivalency diploma. That will give you the same rights and privileges a traditional high school graduate has,” dugtong nito. “Sana, mag-enjoy kayo sa gagawin nating pag-aaral.”

Napakunot ang noo ni Sylvester. Hindi siya makapaniwalang sa pag-enroll niya sa *ALS ay* magiging mas exciting pala kaysa sa inaakala niya, Mayamaya ay naipilig niya ang ulo. Bakit ganoon ang kanyang nararamdaman? Hindi niya alam kung anong mahika ang bumalot sa buo niyang katauhan sa mga sandaling iyon. Hindi niya mapigilan ang mahinang pagpitlag ng kanyang puso habang pinagmamasdan ang napakagandang mukha ng kanilang instructress.

Sabina Cortez. Bagay na bagay ang pangalan nito sa kagandahang taglay nito. Her face was oval. Binagayan ng medyo singkit na mga mata ang magandang arko ng mga kilay nito at mahahabang pilik. Pino ang ilong nito at maganda ang hugis ng mamula-mulang mga labi. He was sure she was not wearing lipstick. Natural na mapula ang mga labi nito. She had rosy cheeks. Wala ring bahid ng blush-on ang magkabilang pisngi ng babae.

Mismatched Lovers - Nicole Stephanie

Her complexion was fair; hindi masyadong maputi pero makinis. Napansin din niya ang mga pudpod na kuko nito sa kamay na walang kulay. She was wearing a tiny white gold band on her left ring finger. Was it an engagement ring? He shrugged off the thought. Ano naman kung engaged na ito, pakialam ba niya.

Hindi alam ni Sylvester kung bakit hindi niya mapigilan ang sariling titigan ang babae habang nagsasalita ito sa unahan. Isa-isang nitong tinatawag ang mga pangalan ng mga estudyante na nagbigay ng registration forms.

On her right wrist was a tiny silver watch. Ang buhok nito ay lampas-balikat na may bangs na mukhang kay sarap haplusin dahil makintab iyon at straight. Nakaipit sa magkabilang tainga ang buhok nito na nagpalabas ng tiny white gold earrings nito.

So simple yet so regal, naisip ni Sylvester. Pati boses nito ay bagay na bagay sa kilos at hitsura nito.

Their instructress was beautiful!

Nang igala niya ang mga mata sa iba pa niyang mga kaklase, napansin niyang nakatuon din ang paningin ng mga ito kay Sabina. Si Randel ay halos lumuwa ang mga mata sa pagtitig sa babae.

Napangiti siya. His young buddy had a crush on their instructress. Sigurado niya iyon. Nang mapasulyap si Randel sa kanya, nag-thumbs-up ito.

“Mr. Sylvester Anonuevo?”

Napabaling ang tingin niya kay Sabina. When his eyes met hers, he felt something deep within him. A feeling that was so strange. Pakiramdam na matagal na niyang hindi naramdaman. Pakiramdam na isinama niya sa libingan ni Edna pitong taon na ang nakakaraan.

Ipinilig niya ang ulo saka sumagot at bahagyang itinaas ang kanang kamay. “Yes, Ma’am?” aniya.

Nang bahagyang ngumiti ang babae, pakiramdam ni Sylvester ay bumilis ang pintig ang kanyang puso. What the hell was happening to him?

2

The moment Sabina's eyes met the gaze of Sylvester Anonuevo, her heart pounded. Sa mahigit tatlumpong estudyante na may iba't ibang edad at personalidad na nasa harapan niya ngayon, ang lalaking nakaupo sa unang upuan sa pangalawang row ang nakatawag ng kanyang atensyon.

Kanina pa, habang nagpapaliwanag siya hanggang sa nagtawag na siya ng pangalan isa-isa, nakikita niya sa sulok ng kanyang mga mata na nakatingin ito sa kanya. Hindi niya maintindihan pero parang tumatagos sa kanyang kaluluwa ang tingin nito. Titig na nakakapagpabilis ng tibok ng kanyang puso, bagay na matagal-tagal na rin niyang hindi nararamdaman. He made her conscious. He made her shiver.

What was happening to her?

Dahil ba sa mga mata nitong tila nang-aarok kung tumingin? The tall man was handsome; hindi ito tipong boy-next-door. Halatang bilad sa init ng araw ang tan na balat nito, pero hindi iyon nakabawas sa kaguwapuhang taglay nito. She instantly thought he was a laborer in a construction company or someone

who worked in the farm based on his appearance.

Napakaguwapong construction worker o farmer naman nito! Hindi niya maaaring itanggi iyon. He was tall base on his long legs and torso. He looked muscular even if he was wearing long-sleeved polo and worn-out *Levi's* jeans. He had prominent cheekbones and semi-squarish jaws that added to his masculinity. Ito ang tipo ng lalaking secure na secure ang sinumang babaeng makakasama.

Nagnakaw ng buntong-hininga si Sabina. Kung anu-anong pinag-iisip niya samantalang naroon siya sa *San Alfonso Community College* para magturo sa mga taong nagnanais na makakuha ng pasaporte para makakuha ng secondary education. Iyon lang ang dapat niyang pagtuunan ng atensyon at hindi ang ma-attract sa isang guwapong lalaki lalo pa't magiging estudyante niya ito.

Her main purpose in going there was to heal her broken heart.

Nagtuturo siya noon sa isang university sa Manila, pero nag-resign siya para gamutin ang sugat na nilikha ni Efren sa kanyang puso. Ang lalaki ay isa ring professor doon, pero nakabuntis ito ng isang estudyante.

Mismatched Lovers - Nicole Stephanie

Anim na buwan na magbuhat nang mangyari iyon, pero paminsan-minsan ay umaantak pa rin ang kanyang puso kapag naaalala iyon. She should admit she had not moved on totally. Maaaring natanggap na niya ang lahat, pero hindi pa rin lubusang naghihilom ang sugatan niyang puso.

Tatlong taon na ang relasyon nila ni Efren na inakala niyang pinatibay na ng panahon at mga pagsubok, pero hindi pa pala. They had been engaged to be married next year. Si Efren ang kabuuan ng kanyang pangarap sa isang lalaki—responsable, guwapo, mabait, at higit sa lahat, edukado. He had a masteral degree in Economics at kasalukuyang tinatapos ang doctorate degree nito, bagay na palagi niyang ipinagmamalaki sa kanyang mga kaibigan. Noong nabubuhay pa ang daddy niya, palagi nitong sinasabi sa kanya na huwag nang pakakawalan si Efren.

She loved the man with all her heart and soul kaya naging masakit sa kanya ang nangyari. Lingid sa kanyang kaalaman, may karelasyon itong estudyante at nabuntis nga nito ang babae.

Nang pumutok sa universidad ang kontrobersya, minabuti niyang makipaghiwalay kay Efren at mag-resign. Balita niya ngayon ay nagsasama na ito at

ang estudyanteng nabuntis nito. Hindi na rin ito nagtuturo sa university.

Sinamantala ni Sabina ang alok ng kaklase noon sa kolehiyo at kaibigan niyang si Anita na taga-San Alfonso mismo at professor sa *San Alfonso Community College*. Nangangailangan ng English professor para sa susunod na semester at dahil wala naman siyang gagawin sa buong summer, tinanggap na rin niya ang alok ng kolehiyo na magturo ng summer classes para sa *Alternative Learning System* na programa ng local na pamahalaan ng San Alfonso. Bagaman aabutin ng mahigit tatlong buwan ang curriculum na ituturo niya at tatagal hanggang kalagitnaan ng Hunyo kung saan magsisimula na ang semester, hindi naman maapektuhan ang kanyang schedule dahil hapon ang pagtuturo niya sa *ALS*.

Noong una ay ayaw sanang pumayag ng kanyang inang si Aling Azon na manirahan at magturo siya sa probinsya, pero naunawaan na rin nito ang kalagayan niya sa bandang huli kasabay ng pangakong dadalawin niya ito sa Maynila dalawang beses isang buwan. Tatlong oras lang ang biyahe mula Maynila hanggang San Alfonso.

Kasama naman ng kanyang mommy ang nakababatang kapatid niyang si Judy na isang nurse

kaya hindi siya masyadong nag-aalala. Her mother was also a retired high school teacher. Ang negosyo nito ngayon ay gumawa ng coco jam, peanut butter at processed foods gaya ng tocino at longganisa kaya may pinagkakaabalahan ito.

Sa ngayon ay nakikitira si Sabina sa bahay ni Anita, pero sa susunod na linggo ay maghahanap na siya ng apartment na mauupahan na malapit sa kolehiyo. Malayo kasi sa kabayanan ang bahay ng kaibigan. Hindi practical kung doon siya titira. Ayaw sana siyang payagan ni Anita na bumukod pero mas gusto niyang magsarili. Malaki rin kasi ang pamilya nito. Ang dalawang kapatid nitong may-asawa ay doon pa rin nakatira sa mga ito.

Math professor si Anita sa kolehiyong iyon. Ang boyfriend nitong konsehal ng bayan ng San Alfonso na tatakbong mayor sa susunod na eleksyon ang may proyekto ng ALS. Nakilala na niya ang boyfriend nitong si Alberto at masasabi niyang masuwerte si Anita rito.

Ang hindi niya sigurado ay kung mawiwili siyang magturo roon. Sanay siya sa malaking universidad sa Maynila, pero siguro naman ay masasanay rin siya sa simple at tahimik na lugar ng San Alfonso. Sabi nga ni Anita, kapag naikot niya ang buong bayan,

makikita niya kung gaano ito kaunlad. Sa pinakadulo raw ng bayan ay may bagong village na itinatayo. Doon magpapatayo ng bahay sina Anita at Alberto para may titirahan na pagkatapos ng kasal ng mga ito. Marami ring paupahang apartment doon.

Maliban sa kakatwang estrangherong damdamin na naramdaman niya sa estudyanteng si Sylvester, wala pang extraordinary na bagay na maaaring ikonsidera niya sa pagtigil nang matagal sa San Alfonso. At imposibleng ang inisyal na pisikal atraksyon niya sa lalaki ay lumago. He was not the kind she would want to be Efren's replacement. Guwapo nga ito pero hindi nito taglay ang iba pang katangiang gusto niya sa isang lalaki. Hindi siya mapanglait na tao pero kailanman ay hindi niya malilimutan ang palaging sinasabi noon ng kanyang ama. She should choose an educated man.

Subalit alam naman niyang hindi iyon ang pinakamatibay na batayan. Si Efren ngang edukado, niloko siya. Pero hindi rin batayan na porque niloko siya ng isang edukadong tao, pasaporte na iyon para pumatol siya sa hindi edukado.

And what the hell was she thinking about? Kaya nga nasa harapan niya ngayon ang mga taong iyon ay para maging edukado. And so? Iniisip ba niyang

kapag nakapagtapos si Sylvester, magiging bagay na sila?

Ano ba ang pumapasok sa utak niya at nakakapag-isip siya ng mga bagay na ni sa hinagap ay hindi niya dapat iniisip? Malay ba niya kung pamilyadong tao na ang lalaking ito.

Bigla ang pagnanais na masilip ang kabuuan ng registration form nito para malaman kung may asawa ito o wala. Pero pinigil niya ang sarili na gawin iyon.

Gusto niyang kurutin at sampalin ang sarili. She never thought she would even think of those things. Gayunman ay gusto na rin niyang matuwa. Ibig sabihin, malaki ang posibilidad na malimutan niya ang sakit ng kaloobang nilikha ni Efren sa kanyang puso. She got attracted to Sylvester, no doubt. Maaari ring ma-attract siya sa ibang lalaking makakasalamuha sa darating pang mga panahon. It was not so hard to heal her broken heart, after all.

Bahagyang gumaan ang kanyang pakiramdam sa naisip. Mas pinagaan pa iyon ng maaaliwalas na mukha ng mga estudyante niyang karamihan ay maaari na niyang maging nanay at tatay. She saw men and women with gray hair. Mayroon mang bata-bata ay mangilan-ngilan lamang ang mga iyon. The young man sitting at the back row had been

smiling at her since she entered. She knew that kind of look. Kapareho ng tingin ng mga estudyante niya sa Maynila na may kahalang pagnanasa. Marami na siyang karanasan na niligawan siya ng estudyante. Mayroon ngang na-obsess sa kanya at mayroon pang naging stalker niya.

But now, if there was one that really caught her attention—it was the tall, dark and handsome man sitting on the first seat on the second row—si Sylvester nga. Nang mapasulyap siya saglit sa kinauupuan nito ay nakita niyang ngumiti ito sa kanya. Again, her heart pounded. Hindi niya napigilan ang mapasinghap sa hangin.

Bahagyang ipinilig ni Sabina ang ulo. She had thirty-three students to look after. Hindi puwedeng sa isa lang mabuhos ang kanyang atensyon.

Para mawala ang kung anong kabang naghahari sa kanyang kalooban ay itinuon niya ang atensyon sa pagsasabi ng mga regulasyon sa kanyang klase.

“This summer class will last for only three months. Magsisimula ang klase ng alas cuatro ng hapon hanggang alas ocho ng gabi, mula Lunes hanggang Biyernes,” she began. Iginala-gala niya ang paningin sa mga estudyante, pero iniwasan niyang mapasulyap kay Sylvester. Hindi niya alam kung

bakit nako-conscious siya. She had been teaching for almost six years already. Ngayon lang siya nakadama ng ganoong pagkailang.

Tumalikod siya, kumuha ng chalk at nagsulat sa blackboard habang nagsasalita. “Our subjects will be Math, English, Filipino and Social Studies.” Isinulat niya ang apat na subjects bago humarap uli sa mga estudyante. Sa pagharap niya ay biglang napatingin uli siya sa gawi ni Sylvester na nakatingin din sa kanya.

Damn! Ano ba siya? Natural na titingnan siya nito dahil siya ang teacher. Bakit ba siya nako-conscious? Pilit niyang ibinalik sa isip ang mga bagay na dapat niyang isipin ukol dito. He was just a student—someone who had been out of school for more than a decade.

Sa isang sulyap sa registration form nito, nalaman niyang treinta y cuatro na ito. Hindi pa niya alam ang history ng pagtigil nito sa pag-aaral, pero hindi na niya dapat pag-aksayahan iyon ng panahon. She was there to teach them—him—to pass the examination after three months. Iyon lang! How could she be attracted to someone like him? No! She should not.

Kaagad niyang iniwas ang tingin at nagpatuloy sa pagsasalita. “Aside from the four subjects,

magkakaroon din tayo ng pag-aaral tungkol sa livelihood. All I am going to teach you are basic things. Although, this is only a review class, I am going to implement a rule that no one should be absent. At exactly four in the afternoon, the class will start.”

Sa sulok ng kanyang mga mata, nakita niyang nagtaas ng kamay si Sylvester. Pinigil niya ang mapabuntong-hininga nang lingunin niya ito. “Y-yes, Mr...?”

Tumayo ito. “Sylvester, Ma’am...”

I know. “M-Mr. Anonuevo, right?” kunwa’y tanong niya. Para bang nahihiya siya sa sarili na sa lahat ng estudyante sa harapan niya, ito lang ang halos nakaukit na kaagad sa utak niya ang pisikal na anyo pati buong pangalan at apelyido. Gosh! Bakit ang bilis ng pintig ng kanyang puso? Kinailangan niyang humawak sa gilid ng mesa sapagkat parang mabubuwal siya dahil parang may mahika ang titig ng lalaki na tila gusto siyang higupin palapit.

Bahagya itong tumango. “Yes, Ma’am.” Nakatitig ito sa kanya na animo’y nanunuot sa kanyang kaibuturan.

Kinilabutan siya sa uri ng tingin nito. “May

tanong ka, Mr. Anonuevo?” She hoped she spoke with confidence. Sana hindi nito nahalatang bahagyang nabasag ang kanyang boses. Para kasing ninenerbyos siya. Bakit naman siya ninerbyusin? Sa dinami-dami ng naging estudyante niya na may mga sinasabi hindi lang sa yaman kundi sa hitsura rin, isang taga-probinsya pa na hindi pa nakakatapos ng high school ang makakapagparamdam niyon sa kanya?

No way! hiyaw ng maliit na tinig sa likod ng kanyang utak.

“Meron, Ma’am.” He was still looking at her eyes intently.

Sinubukan niyang tingnan din ito nang derecho, pero hindi niya natagalan. Nagbaba siya ng tingin. “Ano ‘yon?”

“Kung hindi ako aabot ng alas cuatro, puwede pa ba akong pumasok?”

Napatingin siya rito at bahagya niyang ikinunot ang kanyang noo. “Bakit hindi ka aabot ng alas cuatro?”

“May trabaho kasi ako. Minsan, hindi ako agad puwedeng umalis sa trabaho.”

Narinig niyang may nagsalita ang lalaking

nasa harap nito na halos kasing-edad nito. She remembered his name as Miguel. “Pare, puwede ka namang umalis sa trabaho mo anytime. Walang magagalit sa iyo kasi...”

Nakita niyang bahagyang kinindatan ni Sylvester si Miguel at itinaas ang kanang kamay nito na parang pinapatigil itong magsalita. “Hindi sa lahat ng oras, pare.” Bumaling ito sa kanya. “Ma’am... okay lang ba na dumating ako kahit medyo late na?” ulit nito.

Nagnakaw muna si Sabina ng maikling buntong-hininga bago nagsalita. “W-well, nasa iyo ‘yan. Walang problema, kung makaka-catch up ka sa lessons. Gaya ng sinabi ko kanina, basta maipasa ninyo ang exam, walang problema kahit hindi kayo araw-araw pumasok. Ang suggestion ko lang, mas maganda kung makokompleto ninyo ang mga araw at oras ng klase kasi mas malaki ang advantage at mas malaki ang tsansang maipasa ninyo ang exam kung wala kayong mami-miss.

“The decision is yours. Kayo naman ang magdadala ng konsekuwensya kung sakali. I’m just here to guide you and teach you. Ang sa akin, nag-i-impose ako ng rules dahil as much as possible, gusto kong makapasa kayong lahat.”

Tumango-tango ito. “Okay. In that case, pipilitin

kong makahabol sa oras.”

Napamaang siya sa narinig kay Sylvester. Did she hear it right? He spoke English? “Good,” nasabi na lang niya bago itinuon ang atensyon sa iba pang regulasyon na gusto niyang ipatupad. Pilit niyang iniwasang mapatingin uli sa lalaki.

Pagkatapos ng mahaba-habang introduction sa three-month program, sinimulan na ni Sabina ang English subject.

She expected the reception of some students. Karamihan sa mga ito ay hindi maka-cope up sa basic speech and grammar lessons.

Sa Math subject ay hindi siya masyadong nahirapan. Basic Algebra ang itinuro niya. Hindi na siya nagtanong sa mga estudyante. She just explained the topic. But still, she felt conscious everytime her gaze met Sylvester’s.

Nang sa wakas ay natapos ang Math subject, binigyan niya ng fifteen minutes break ang mga ito.

“Please be back at six fifteen,” aniya.

Isa-isang nagsipaglabasan ang mga estudyante niya. Pero may isang hindi lumabas, si Sylvester. Nakatingin ito sa kanya.

Muling sumikdo ang tibok ng kanyang puso. “Is there anything you want to ask, Mr. Anonuevo?”

Sumilay ang ngiti sa labi ng lalaki. “Nothing,” simpleng tugon nito.

“You can have your break.”

“Kakakain ko lang nang pumunta ako dito. Sigurado ako, wala namang pagkain sa canteen. Street foods lang ang nasa labas.”

Lumunok muna si Sabina bago nagsalita. “So... hindi ka kumakain ng street foods?”

Lumapad ang pagkakangiti nito. “Sanay akong kumain ng isaw, adidas at betamax.”

“B-betamax?”

“Yung dugo ng manok,” anito. “Gusto ko sana ng kape. Gusto mong magkape sa labas? May maliit na coffee shop sa tapat.”

Kaagad na gumapang ang matinding kilabot sa kanyang kaibuturan. Was this man trying to imply something at this early point in time? Masyado naman yata itong mabilis.

“S-sorry. Hindi ko ugaling sumama sa... sa estudyante ko.”

Tila natigilan ito. He shifted in his seat. “Ganoon ba?” pagkuwan ay tanong nig kaharap. “Uhm... akala ko lang kasi, puwede. Kasi sabi mo nga kanina, hindi formal education ito. Mas maganda kung magiging kaswal ang turingan natin. I mean... turing mo sa aming mga estudyante mo.”

“No problem with me but just the same, you’re my student.”

Nakangiti na uli ito nang magsalita. “May masama ba doon?”

Hindi siya kaagad nakasagot. Mayroon nga ba? “I... I just don’t find it comfortable.”

“Ang sa akin lang naman, bago ka rito. Gusto kong maging at ease ka.”

“I’ll... I’ll be fine. Hindi ako nagugutom.”

Tumayo na ito. “Okay. Ako na lang ang magkakape,” anito habang nakangiti bago tumalikod at naglakad palabas sa pinto.

Hindi napigilan ni Sabina ang magpakawala ng magkasunod na buntong-hininga habang inihahatid ng tanaw ang papalayong pigura ni Sylvester. She realized now how tall he was. He might be standing about six feet tall. Mas malapad ang mga balikat nito

Mismatched Lovers - Nicole Stephanie

ngayong nakatayo ito at animo'y isang sundalo na nagmamartsa palabas. His butt was sexy too. Halos mamutok ang muscles nito sa kupas na pantalong suot.

Hindi nakaligtas sa kanya ang suot nitong rubber shoes na lumang-luma at madumi. Hanggang sa nakalabas ito sa silid ay para siyang nabatubalani. Saka siya nagpakawala uli ng malalim na buntong-hininga.

Hindi niya mapaniwalaan ang sarili na napukaw ang kanyang atensyon ni Sylvester. Hindi rin niya napigilan ang sariling buklatin ang registration form na ibinigay nito. Binasa niya ang personal data nito.

Name: Sylvester Castillo Anonuevo

Address: Purok 2, Maligaya St., San Alfonso

Birthday: September 2, 1975

Parents: Mr. & Mrs. Clodualdo Anonuevo

Height: 6 ft.

Weight: 60 kgs.

Status: Single

Biglang napahinto sa pagbabasa si Sabina. *Single*. Wala pang asawa si Sylvester gayong thirty-four na ito?

Ipinilig niya ang ulo. Pakialam ba niya? Kaya siguro single ang nakalagay sa form nito dahil hindi pa ito nagpapakasal, pero may girlfriend na ito o kinakasama sa buhay. Again, ano na nama'ng pakialam niya?

Dali-dali niyang ibinalik sa folder ang form ng binata. Ang iba naman ang binasa niya. Hindi maaaring sa iisang tao lang matutuon ang interes at atensyon niya. Everyone in her class should be treated equally.

Bagaman nagawa niyang basahin ang profile ng bawat estudyante, hindi niya alam kung bakit hindi gaanong nagrehistro sa kanyang utak ang mga nabasa niya. Pero nakakatuwang natandaan niya ang mga personal na bagay tungkol sa lalaking Anonuevo.

Nang bumalik ang mga estudyante at nakita niyang nakaupo na sa silya nito si Sylvester ay muling pumitlag ang kanyang puso.

Ngayon lang uli nangyari ang gayon sa kanya. Natatandaan niyang naramdaman din niya ang

ganoong klaseng damdamin kay Efren nang ipakilala sila ng isang common friend sa isa't isa. Pero sa pagkakataong ito ay mas matindi ang kabang nararamdaman niya.

Sinaway niya ang sarili at nag-concentrate sa pagtuturo ng Social Studies. Mabuti na lang at hindi siya nagba-buckle sa pagsasalita.

Nakaraos ang unang araw niya sa pagtuturo. Nang magsipaglabasan na ang kanyang mga estudyante, may kakaibang kaligayahan siyang nararamdaman. This was a new learning experience. Having the opportunity to teach people who had not been in school for years was something special. Ngayon ay sigurado na niyang hindi siya nagsisisi sa pagtanggap ng alok ni Anita.

Magaan ang kanyang pakiramdam nang lumabas siya ng silid. Ngayon siya nakaramdam ng gutom. Nag-text na si Anita sa kanya. Hihintayin daw siya nito sa hapunan. Nakaabang na sa kanya ang tricycle na susundo sa kanya na minamaneho ng bayaw nito. Iyon ang magiging service niya pansamantala hangga't hindi pa niya nadadala ang kotse niya roon. Kapag umuwi siya sa Manila sa susunod na linggo, dadalhin na niya ang kanyang sasakyan. Ipinaayos lang muna niya iyon sa casa para siguradong hindi

siya ititirik.

May panggabing summer classes pa ang mga regular na estudyante kaya marami-rami pang tao sa campus. Hindi kaila kay Sabina ang malalagkit na tingin sa kanya ng mga lalaking estudyanteng nadadaanan niya. Alam niya, makakaranas siyang maligawan ng mga estudyante roon, bagay na nangyari rin sa kanya sa unibersidad na pinagturuan sa Maynila. But she swore she would not get involved with any one of them.

Sa naisip ay pumasok sa utak niya si Sylvester. Paano kung ito ang manligaw sa kanya? Hindi naman ito regular na estudyante roon. He was just taking up *Alternative Learning System*. Napakibit-balikat na lamang siya.

Nakaabang na sa parking lot ng campus ang tricycle na susundo sa kanya. “Hi, Kuya Melchor,” bati niya sa bayaw ni Anita.

Ngumiti si Melchor. “Tara na.”

“Okay.” Pagpasok niya sa loob ng tricycle ay saka niya napansin na may nakatingin pala sa kanya mula sa di-kalayuan. Nakatayo sa ilalim ng puno ng acacia si Sylvester kasama ang binatilyong estudyante rin niya na panay ang titig sa kanya kanina. Hindi niya

Mismatched Lovers - Nicole Stephanie

matandaan ang pangalan ng binatilyo. Maliwanag sa gawing kinatatayuan ng mga ito kaya kitang-kita niyang nakatingin si Sylvester sa kanya. Kaagad na sumikdo ang kanyang dibdib. Hanggang sa dumaan ang tricycle sa tapat ng dalawang lalaki ay nakatingin pa rin ang mga ito sa kanya.

Pakiramdam ni Sabina ay isa siyang teenager na nag-uumpisa pa lang na magkaroon ng crush. Nag-init ang magkabilang pisngi niya.

“Silly me,” mahinang bulong niya sa sarili, pero hindi niya napigilan ang pagsilay ng ngiti sa kanyang mga labi at pagpitlag ng kanyang puso. Pakiramdam niya, madali niyang malilimutan si Efren sa San Alfonso.

3

“Ang ganda niya, Boss, ano?” pakli ni Randel kay Sylvester. “Seksi pa. Grabe! Ngayon lang ako nakakita ng ganyan kagandang chick sa buong buhay ko. Parang artista.”

Tumawa siya nang pagak. “Crush mo?”

“Sino naman ang hindi magkaka-crush sa kanya, Boss Sly? Sobrang ganda. Namputs! Wala na akong ginawa kundi titigan siya kanina. Parang anghel. Ang ganda pa ng boses.”

“Baka wala kang matutunan sa klase sa kakatitig sa kanya,” biro niya.

“Pipilitin kong matuto, Boss. Nakakahiya kay Miss Sabina kung hindi ako matututo.”

Inakbayan ito ni Sylvester. “That’s my boy.”

“Salamat, Boss ha?”

“Saan?”

“Sa pagpilit sa aking mag-aral. Kasi... kasi naisip ko, kung... kung makakatapos ako... malay mong mapansin man lang ako ni Miss Sabina.”

Napamaang siya sa sinabi nito. “Boy, kahit hindi si Sabina, kahit ibang babae, mapapansin ka kapag nakatapos ka at naging titulado.”

“Iba ang tama ko kay Miss Sabina. Mukhang hindi ako makakatulog ngayong gabi.”

Ako rin. Tumawa siya nang pagak. “At least, may inspirasyon ka.”

“Ikaw, Boss, hindi ka ba na-attract sa kanya?”

Ngumiti siya. Hell! He was more than attracted to her. “Tapos na ako sa ganyang stage,” aniya sa halip na sagutin nang totoo ang tanong ni Randel.

“Hanga rin naman ako sa iyo, Boss. Iba ka talagang magmahal. Hanggang ngayon, si Edna pa rin.”

Isang payak na ngiti ang isinagot ni Sylvester. Bukas na aklat sa San Alfonso ang tungkol sa nangyari kay Edna. Bagaman bata pa noon si Randel, alam na rin nito ang naganap na karumal-dumal na kamatayan nito.

Totoo, mahal niya si Edna. Mahal na mahal. Kung anuman ang naramdaman niya kay Sabina, natural lamang iyon. After all, he was a man. A normal man who had normal needs of a woman.

Pero alam niya, kung magkakaroon man ng tsansa na magkakalapit sila ni Sabina, hindi rin mauuwi sa maganda ang lahat. He had been attracted to many women and he had gotten as far as going to bed with some of them, but everything did not go well. Hindi niya kayang magmahal na muli dahil kay Edna.

“Ayos,” narinig niyang sabi ni Randel.

“Anong ayos?”

“Ayos. Wala akong matinding makakaagaw kay Miss Sabina.”

Tumawa siya uli nang pagak. “Halika na. Sasabay ka ba?” Binuksan niya ang pinto ng *Isuzu* pick-up.

“Oo, Boss.”

“Sa staff house ka uuwi?” tanong niya nang nakaupo na ito sa passenger’s seat.

“Oo, Boss. Ayokong umuwi sa bahay namin. Wala naman akong aabutan doon kundi ang tatay kong lasenggo.”

Umaandar na ang sasakyan. Nilingon niya si Randel. “Tatay mo pa rin ‘yon.’”

“Tatay na walang kuwenta. Siya nga ang dahilan kung bakit maagang namatay si Nanay. Hayup talaga

‘yon, eh.”

“Akala ko’y napag-usapan na natin ‘yan? Na hindi ka na magsasalita nang masama sa tatay mo?” paalala niya.

“Hindi ko kasi mapigilan ang galit ko kapag naiisip ko na... na sobrang pinahirapan niya si Nanay noon.”

“Randel...”

“Sorry, Boss.”

“Kaya nga pinilit kitang mag-aral para maging maganda ang kinabukasan mo. Kapag nakatapos ka, maiisip din ng tatay mo ang mga pagkukulang niya sa iyo. Sa inyong magkakapatid,” paliwanag niya.

“Mag-aaral ako para mapagtapos ko rin sina Alex at Mara,” determinadong saad ng binatilyo.

“Good.”

“Salamat, Boss.”

Ngumiti siya. “Maraming beses ka nang nagpasalamat. Sa susunod, kukutusan na kita,” biro ni Sylvester.

Tumawa si Randel.

“Sumama ka na muna sa bahay; doon ka na maghapunan. Sasabay ako sa iyo pabalik sa staff house. Doon ako matutulog sa opisina.”

“Ang sipag mo naman, Boss.”

“May kailangan akong tapusin.”

“May assignment tayo sa Literature, Boss. Magbabasa tayo ng sinulat ni William Shakespeare, ‘yung *Romeo and Juliet*.”

“William Shakespeare,” pagwawasto niya.

“Iyon na nga.”

“Sa hapon pa naman ang klase natin. Marami pang oras bukas.”

“Basta ako, parang hindi ko na mahintay na mag-alas-cuatro uli para makita ko na si Miss Sabina,” ani Randel. “Saan kaya siya nakatira, Boss?”

Nagkibit-balikat si Sylvester. He hoped he knew. Pero pasasaan ba’t malalaman din niya.

Excited na nagtanong si Anita kay Sabina habang kumakain sila ng hapunan. “Kumusta’ng mga estudyante mo?”

“Well... they have different personalities.” Gustong-gusto niyang ikuwento ang natatanging estudyante na nakakuha ng kanyang atensyon pero pinigil niya ang sarili. Alam ng kaibigan na kaya siya naroon ay para makalimot sa paghihiwalay nila ni Efren. Baka kung ano ang isipin nito kapag nagtanong siya kung kilala nito si Sylvester.

“Nag-enjoy ka ba?”

Sumubo siya ng kanin at ulam bago sumagot, “Hmm... I think I will enjoy teaching here. At least, kakaiba. May kasing-tanda ni Mommy na estudyante ko. May parang tatay ko na rin. May bagets na sobrang makatitig.”

“I bet maraming manliligaw sa iyo rito.”

“Hindi naman ako nagpunta rito para magpaligaw,” ani Sabina.

“Narito ka para makalimot,” turan nito. “Malay mo, dito mo pala mahanap ang totoong soulmate mo.”

“Saka ko na iisipin ‘yan, Anita.”

“Siyanga pala, thank you daw sabi ni Alberto kasi pumayag ka na magturo ng *ALS* kahit allowance lang ang bayad. Kung hindi ako nakatanggap ng

regular summer classes, dapat ako ang magtuturo sa kanila. Eh, biglaan kasi ang project na ‘yan ni Alberto. Tamang-tama rin na pumayag kang magturo dito sa amin.”

Ngumiti ang dalaga. “Wala ‘yon. Wala rin naman akong gagawin buong summer.”

“Sa birthday ni Alberto, isasama kita sa kanila.”

“Kailan ‘yon?”

“Sa Sabado. Friday pa nga lang naroon na ako sa kanila para mag-prepare. Alam mo na, someday, I’ll be the first lady of this town kaya dapat maging visible na ako sa mga ganyang pagtitipon,” nakangiting sabi ni Anita.

“Tuloy na tuloy na ba ang pagtakbo ni Alberto bilang mayor?” Isang beses pa lang niyang nakilala si Alberto.

“Oo naman. Kailangan ng bayang ito ang pagbabago. May pagkasalbahe ang incumbent mayor dito. Sa mismong birthday nga ni Alberto ay ia-announce niya ang kanyang kandidatura. Sama ka, ha?”

“Baka abutin ako hanggang Saturday sa paghahanap ng bahay.”

“Sa gabi pa naman ‘yon, eh. At saka huwag kang magmadaling humanap ng bahay. You can stay here for as long as you want,” katuwiran nito.

“Thanks, Anita, pero nakakahiya naman sa family mo.”

“Ikaw ang bahala basta kailangan naroon ka sa party ni Alberto. Ipapasundo kita rito sa Sabado ng gabi. Okay?”

“Sige na nga,” pagpayag niya.

Habang naroon si Sabina sa bahay ng pamilya ni Anita ay natutulog siya sa kuwarto nito. Magkatabi sila sa kama. Natutulog na ang kaibigan ay binabasa pa rin niya ang registration forms ng estudyante niya. Sa pinakahuling pahina ng registration form ay may isang tanong na kailangang sagutin ng mga estudyante in essay form.

Napapangiti siya sa kasagutan ng karamihan.

Ang tanong: *Bakit mo gustong mag-aral sa Alternative Learning System?*

Ang sagot ni Miguel Andrada: *Gusto kong makasabay sa pagtatapos ng kolehiyo ang aking anak at maipagmalaki niya ako.*

Ang sagot ni Sally Ramirez: *Para maranasan ang*

pakiramdam ng nakatapos ng pag-aaral. Nahihiya ako sa aking mga anak at apo. Gusto kong maging magandang ehemplo sa kanila.

Ang sagot ni Randel Lucido: Dahil pinilit ako ng boss ko. Gaganda daw ang buhay ko kapag nag-aral ako. Sana nga!

Nang mapatuon ang paningin niya sa papel ni Sylvester ay pumitlag na naman ang kanyang puso. Binasa niya ang isinulat nito.

Matagal na panahon ko nang gustong gawin ito pero maraming hadlang. Gusto kong mag-aral para mabuo ang pagkatao ko at para sa mga taong mahal ko—sa aking mga magulang at mga kapatid. Higit sa lahat, gusto kong patunayan sa pinakamamahal ko na kahit wala na siya, tutuparin ko pa rin ang pangako ko sa kanya na bubuuin ko ang pagkatao ko sa pamamagitan ng pagtatapos. Maaaring abutin ako ng matagal na panahon, pero sisikapin kong makarating hanggang sa dulo.

Napalunok si Sabina matapos basahin ang maikli pero madamdaming essay ng binata. He had heart and he had brain if she had to rely on what he wrote. Hindi niya alam kung bakit parang may karayom na tumusok sa kanyang dibdib nang mabasa ang tungkol sa pinakamamahal nito. Of course, he could

be referring to a woman he dearly loved.

Wala na ang babaeng mahal nito? She wondered what happened. Sa tatlong buwan na makakasalamuha niya si Sylvester, malalaman kaya niya ang tungkol sa istorya ng buhay nito at ng iba pa niyang estudyante?

Hanggang sa tumabi siya kay Anita sa kama ay iyon pa rin ang laman ng kanyang utak. Naglalaro sa imahinasyon ni Sabina ang imahe ng kanyang mga estudyante, pero namumukod-tangi sa mga ito ang imahe ni Sylvester.

Kung anong mahika at karisma mayroon ang lalaking iyon ay hindi niya alam. Basta ang alam niya, nasasabik siya sa muling pagtuturo bukas ng hapon.

4

Five to four ay nasa loob na ng classroom si Sabina. Nang tumayo siya sa harap ng mga estudyante ay kaagad niyang napansin na bakante ang unang silya sa pangalawang hilera ng mga upuan.

Nag-roll call siya pagpatak ng alas cuatro. Pangalawang tinawag niya ang pangalan ni Sylvester kahit alam niyang wala pa ito.

“Sylvester Anonuevo,” ulit niya.

“Wala pa siya, Miss Sabina,” sagot ni Randel. “Pero darating po siya, may tinatapos lang sa construction site.”

Bahagya siyang tumango. Tama ang inisip niyang construction worker ito. At least, may pangarap itong makatapos kahit high school. Kung makakapag-aral ito ng kahit dalawang taong vocational course, maaari itong makaalis sa mababang uri ng trabaho.

Itinuloy niya ang pagtawag ng mga pangalan ng mga estudyante. Nang natapos siya ay saka niya sinimulan ang pagtuturo. English Literature ang kanyang unang topic. She discussed the story of *Romeo and Juliet* written by William Shakespeare.

Kahit paano ay nakakapag-interact naman ang mga estudyante niya. Some were even trying to make the mood light bagay na nagugustuhan niya.

Habang dumadaan ang mga minuto, umaasam siyang darating si Sylvester pero natapos ang English subject ay wala pa rin ito. Mathematics na ang itinuturo niya nang bigla itong dumating. Kumatok ito sa pinto ng classroom. Kaagad na sumikdo ang tibok ng kanyang puso nang nagtama ang mga mata nila. Hindi niya napigilan ang magnakaw ng buntong-hininga.

Tingin niya ay bahagyang humihingal pa ito nang nagsalita. “Puwede pa ba akong pumasok, Ma’am, kahit late na ako?” tanong nito.

“O-oo naman. Come in. Kasisimula lang namin ng Math,” sagot ni Sabina. Kinailangan niyang ibaling kaagad ang atensyon sa blackboard para maiwasang mapatinging muli sa binata. “As I was saying...” aniya bago tuloy-tuloy na ipinaliwanag ang itinuturong basic Algebra.

Nang lumingon siya uli ay nakita niyang nakaupo na si Sylvester sa puwesto nito. Nakapangalumbaba ito habang nakatingin sa kanya. His stares made her very conscious. Naiinis na siya sa kanyang sarili. Kaninang wala pa ito, hindi naman ganoon

ang pakiramdam niya. Bakit ngayong naroon na ito ay parang kinakalembang ang kanyang dibdib at namamawis ang mga kamay niya? Ninenerbyos siyang hindi mawari.

She wrote one equation in the board pagkuwan ay bumaling siya sa kanyang mga estudyante. Iniiwas niya ang tingin sa puwesto ng binata. “Anyone who can answer the equation on the board?” tanong niya. Iginala niya ang paningin pero walang nagtaas ng kamay. “Gusto ba ninyong magbigay pa ako ng examples para mas maintindihan ninyo?”

Nagtaas ng kamay si Sylvester.

Nang sulyapan niya ito ay nakatitig ang binata sa kanya. “Subukan ko, Ma’am,” anito.

“O-okay, Mr. Anonuevo.”

Tumayo ito at lumapit sa unahan.

Nagmukha siyang maliit nang tumabi ito sa kanya. Pakiramdam ni Sabina ay nagsisikip ang kanyang dibdib. Parang biglang sumikip ang kuwartong iyon at sila lamang ni Sylvester ang naroon. His nearness made her shiver. Hindi naman magkalapit ang kanilang mga katawan, pero pakiramdam niya ay nagra-radiate ang hunab ng balat nito sa kanya.

Lihim siyang napasinghap. He smelled good! How could a construction worker smell so nice? He smelled of sweet masculinity. Iyon bang mabining amoy ng lalaki na kahit galing sa trabaho ay hindi naman mabaho. Iyon bang tipong amoy na naarawan pero hindi masangsang.

Bahagya pa itong lumapit sa kanya.

Hindi alam ng dalaga kung ano ang gagawin niya—uurong ba siya o ano? Pakiramdam niya ay nagsisikip lalo ang kanyang paghinga.

Itinaas nito ng bahagya ang kamay. “Chalk, Ma’am...”

Napamaang si Sabina. “Ah... yes.” Iniabot niya rito ang chalk. Nang di-sinasadyang napadaiti ang kamay nito sa palad niya ay para siyang nakuryente. Para bang may mainit na bagay na dumaloy sa kanyang kamay at nagtuloy sa kaibuturan niya. Humakbang siya nang paatras. Kinailangan niyang humawak sa gilid ng mesa dahil pakiramdam niya ay mabubuwal siya. Parang nanghihina ang kanyang mga tuhod. Ano ang mayroon si Sylvester Anonuevo at ganoon na lamang ang epekto nito sa kanya?

Ipinangako niya sa sarili na kung papalitan niya si Efren at iibig siyang muli, mas higit kaysa rito ang

pipiliin niya. She wanted someone more handsome than him. Yes, kung tutuusin ay mas guwapo si Sylvester kay Efren. Mas matangkad ito. He was an epitome of tall, dark and handsome.

Pero hindi sa pisikal na aspeto lang nagtatapos ang mga katangiang hinahanap niya sa isang lalaking maaari niyang ipalit sa dating nobyo. Dapat ay mas higit ang mga katangian ng lalaking magugustuhan niya, hindi lamang sa pisikal na anyo. Kailangan ay mas malayo ang narating nito sa buhay; mas edukado. Hindi niya masyadong binibigyan ng timbang kung mayaman man o hindi. Basta ang importante sa kanya, kailangang mas higit ang mga katangian kay Efren pagdating sa level ng pinag-aralan.

Sa bagay na iyon hindi malalampasan ng binata ang dating boyfriend niya. Malapit nang matapos ni Efren ang doctorate degree nito. Samantalang si Sylvester, kailangan pang makipagsapalaran sa eksamen pagkatapos ng programang *Alternative Learning System* para makakuha ng kaukulang diploma upang makakuha ng kurso sa kolehiyo. Kung kukuha ito ng apat na taong kurso, kailan pa ito makakatapos?

Damn! Ano ba ang pinag-iisip niya? Nababaliw na yata siya para pag-aksayahan ng panahong

isipin ang mga bagay na iyon patungkol sa kanyang estudyante. She had not known him personally. He was just her student like anybody else in the room.

“Ma’am?” untag ni Sylvester sa kanya.

Bahagya pa siyang nagulat. Tapos na pala nitong i-solve ang equation na nasa board. “Y-yes?”

“Tapos na. Tama ba?”

Tiningnan niya ang isinulat nito. The answer was correct! “V-very good,” aniya. “Tama ang sagot mo, Mr. Anonuevo.”

Biglang nagpalakpakan ang mga estudyante. Sa pangunguna ni Miguel, sabay-sabay pang sumigaw ang mga ito ng palayaw ni Sylvester. “Sly! Sly! Sly!”

Isang malapad na ngiti ang isinagot nito sa mga kaklase bago bahagyang yumukod. Bumaling ito at iniabot ang chalk sa kanya.

Nanginginig ang kamay ni Sabina nang itaas iyon para tanggapin ang chalk na iniabot nito. The moment his skin touched her palm, she shivered again.

Gusto na niyang mapapikit. Hindi na kayang maabot ng kanyang isip kung bakit nangyayari ang gayon sa kanya. Nang magsalita siya uli ay bahagyang

nanginginig ang kanyang boses, bagay na gusto niyang ikagalit sa sarili. Dapat bang mawalan siya ng focus dahil sa isang alarming na estudyante?

Para maibsan ang nararamdamang tensyon sa sarili, minabuti niyang gumawa ng limang tanong sa board. Sa gayon ay hindi niya kailangang tumayo nang matagal sa harapan at magsalita. “Please get a piece of paper for a short quiz. Sagutan ninyo ang mga ito,” aniya habang nagsusulat ng mga numero sa board.

Nakarinig siya ng bulungan sa klase. Alam niyang hindi pa handa ang karamihan sa quiz na iyon, pero iyon ang pinakamabisang solusyon para makaupo siya at mai-relax ang binti niyang parang bibigay sa mga sandaling iyon.

“It’s okay kung... kung hindi pa ninyo masagutan nang tama ang lahat ng questions,” sabi niya. “I’ll explain further after the quiz.”

Habang nakasubsob ang mga estudyante sa pagsasagot ng quiz ay naupo siya sa silya sa harap ng mesa niya. Iginala niya ang paningin sa mga ito. Blangko ang eskpresyon ng mga magkakaklase. Karamihan ay nakakunot ang noo. May kagat-kagat ang dulo ng ballpen. Ang iba ay kumakamot sa ulo. Ang iba naman ay pinagpapawisan. Mangilan-ngilan

lamang ang mga nagsimula kaagad na magsagot sa papel.

Si Randel ay nakamaang sa kanya. Bahagya niyang itinaas ang kanang kilay. “Yes, Randel? Bakit hindi ka pa nagsisimula?” tanong niya sa binatilyo.

Ngumiti ito pero hindi nagsalita. Saka lang ito kumopya sa board.

Iniwasan niyang mapatingin kay Sylvester na katabi ni Randel. Itinuon niya ang paningin sa gawing likuran pagkatapos ay nagbuklat na lang siya ng librong nakapatong sa mesa niya at nagbasa. Pero habang nagbabasa ay parang bigla niyang naramdaman na may nakatingin sa kanya. Sa sulok ng kanyang mga mata, parang nakikita niyang nakatanghod si Sylvester at nakatingin sa kanya. Muli, bumilis ang pintig ng kanyang puso. Pinigilan niya ang sariling magtaas ng paningin pero hindi niya natagalan.

Nang mag-angat siya ng paningin ay napatunayan niyang nakatingin nga sa kanya ang binata. It was more of a gaze. Naging eratiko ang tibok ng kanyang puso. “M-may itatanong ka, Mr. Anonuevo?”

Umiling ito. “Wala, Ma’am.”

Nagnakaw muna siya ng buntong-hininga bago

nagsalita uli. “Then finish your quiz.”

“I’m done, Ma’am.”

Nagulat siya. “Tapos ka na?” At Ingles pa ang isinagot nito sa kanya! This man amazed her in many ways.

Tumango ito.

Sumulyap siya sa wristwatch niya. Wala pang limang minuto ang nakakaraan, tapos na nito ang limang equations? “May I see your paper?”

Tumayo ito at lumapit sa kanya.

Parang gustong pagsisihan ni Sabina na nasabi pa niya iyon. Ngayong alam na niya ang epekto ni Sylvester sa kanya at hindi na niya maaaring itanggi iyon, dapat ay iwasan na niyang mapalapit dito.

Nang iabot nito sa kanya ang papel nito ay iniwasan niyang masanggi ang kamay niya sa kamay nito. Iniwasan din niyang mapatingin sa mga mata ng binata. “You may go back to your seat,” aniya. Sinadya niyang langkapan ng pormalidad ang kanyang tinig.

Nang tumalikod ang lalaki ay saka niya ito sinulyapan. Kaagad din siyang nagbaba ng tingin nang makita niyang nakatingin si Randel sa kanya. Itinuon niya ang atensyon sa pag-check ng quiz ni

Sylvester. To her surprise, tamang lahat ang sagot nito!

Inabot na ng breaktime, pero hindi pa tapos ang karamihan na magsagot sa quiz kaya ibinigay na lamang ni Sabina na assignment iyon. Gusto niyang sisihin ang sarili sa pagbibigay ng surprise quiz gayong alam naman niyang hindi pa gaanong alam ng kanyang mga estudyante ang itinuro niya sa loob ng dalawang araw na pagtuturo.

Kaagad na nagkaingay ang mga ito nang palabas ng silid para magmerienda. Babalik ang mga ito pagkalipas ng labinlimang minuto. Lihim siyang nagpasalamat na lumabas din si Sylvester.

Hindi niya akalaing babalik ito pagkalipas ng limang minuto. May dala itong dalawang styro cups na may lamang umuusok na kape.

“Hi, Ma’am,” anito habang papasok sa pinto ng silid-aralan.

Pinigil ng dalaga ang pagsikdo ng tibok ng kanyang puso. “Y-yes?”

“Binilhan kita ng kape,” tugon nito. Lumapit ito sa mesa niya at ibinaba ang styro cup ng umuusok na kape.

This time, hindi na niya napigilan ang eratikong pintig ng puso. “H-hindi mo na sana ako ibinili ng kape,” balik niya. Wala siyang maisip sabihin. Parang tinatambol ang kanyang dibdib. Sana ay hindi nito mahalata ang uneasiness niya.

“Three-in-one lang ‘yan,” sabi nito.

Hindi niya napigilang mapangiti. His gesture was very simple yet it struck her straight in the heart. “Mababawasan pa ang allowance mo,” saad niya.

“Seven pesos lang ‘yan. Hindi mabigat sa bulsa.” Nakangiti rin ito. Hindi nakaligtas sa kanya ang biloy nito sa kaliwang pisngi.

“S-salamat.”

“Puwede ba ako rito, Ma’am, o gusto mong iwan kita?”

Mas bumilis ang pintig ng puso niya sa sinabi nito. “O-okay lang naman. May... may itatanong ka ba?” She wished he would just ask anything about their lesson. Baka hindi niya makayanan kapag may sinabi itong kung ano.

“Wala naman. Hihingi lang sana ako ng paumanhin na hindi ako nakahabol sa first subject natin,” simula nito.

“It’s okay as long as makaka-catch up ka sa lessons.”

“Binasa ko kagabi ang *Romeo and Juliet*,” anito. “Hmm... napanood ko rin ang pelikulang ‘yon.”

“So... Ano’ng... ano’ng comment mo? N-naniniwala ka ba sa everlasting love?” Hindi maintindihan ni Sabina kung bakit hindi niya mapigilan ang sariling magtanong.

“Naniniwala akong hindi namamatay ang pag-ibig,” pahayag ng binata habang nakatingin nang derecho sa mga mata niya.

Nakita niya ang pagyabong ng kalungkutan sa mga mata nito.

Nagsalita ito uli. “Ang masakit, kapag naputol ang pag-ibig dahil sa isang trahedya. Kagaya ng... ng nangyari kina Romeo at Juliet. Hindi kinasihan ng langit ang pagmamahalan nila.”

Namalayan na lamang ni Sabina na nakikinig siya sa mga kuro-kurong binibitawan ni Sylvester. Napatunayan niyang hindi lamang pala ito mahusay sa Mathematics. Magaling din ito sa Literature. Unti-unti, nawala ang nararamdaman niyang uneasiness sa presence nito. Bago pa pumasok ang ibang estudyante, naubos na pala nila ang kanilang kape.

Ang sumunod na subjects ay naging magaan na para sa babae. Mas maraming nakikipag-cooperate na estudyante kapag Filipino at Social Studies dahil Tagalog ang medium na ginagamit niya. Isa pa, dahil sa maikling pag-uusap nila ni Sylvester kanina, gumaan ang kanyang pakiramdam. Nakatulong ang pag-uusap nilang iyon para maging kalmante ang tibok ng kanyang puso. Sylvester was very warm and friendly. Masarap itong kausap.

“Goodbye, class,” aniya matapos ang huling subject na Social Studies.

“Goodbye, Miss Sabina,” korong sagot ng lahat.

Nang mapasulyap siya kay Sylvester ay nakangiti ito sa kanya. Hindi niya napigilan ang sariling gantihan ito ng ngiti. Hindi niya inaasahang magpapaiwan ito sa klase.

“M-may kailangan ka?” Bumalik na naman ang uneasiness niya ngayong sila lamang ang magkasama.

“Wala. Itatanong ko lang kung... kung may susundo sa iyo.”

Sumikdo ang tibok ng kanyang puso. “M-meron. Bakit?”

“Wala naman. Wala,” mabilis na tugon nito na

wari'y napahiya. "S-sige, Ma'am, mauna na ako."

Bago pa nakapag-react si Sabina ay mabilis na itong nakatalikod. Napangiti siya sa sarili. Para bang may kiliti siyang nararamdaman sa mga sandaling iyon. Did Sylvester like her? Ang tanong na iyon ay tila nagpatalon sa kanyang puso.

Paglabas niya sa parking lot ay wala pa roon ang tricycle ni Melchor. May limang minuto na siya marahil nakatayo roon pero wala pa rin ito. Mayamaya ay nag-ring ang kanyang cellphone.

Si Anita ang tumawag. Hindi raw siya masusundo ni Melchor dahil itinakbo sa ospital ang anak nito. Pinayuhan siya ng kaibigan na maglakad na lang hanggang sa labasan ng kolehiyo at doon sumakay ng tricycle. Ayon dito ay mababait naman ang mga tricycle drivers.

Pagkatapos pindutin ang end call button ng kanyang cellphone ay naglakad na siya patungong labasan para sumakay sa paradahan ng tricycle. Malapit na siya sa gate nang tumigil sa kanyang tabi ang isang lumang pick-up.

Bumilis ang pintig ng kanyang puso nang mapagsino ang nagmamaneho ng sasakyan. Nakababa ang tinted na bintana niyon.

“Hi, Ma’am!” nakangiting bati ni Sylvester.

“Hi,” nauutal na balik niya.

“Mukhang hindi dumating ang sundo mo, ah.”

“H-hindi nga, eh. May-sakit daw ang anak.”

“Kung... kung okay lang sa iyo, ihahatid na kita sa uuwian mo.”

Umiling siya. “H-hindi na. Okay lang ako.”

“Bawal bang sumabay ang teacher sa estudyante niya?” tanong nito.

Her heart pounded. Ano bang klaseng tanong iyon? “H-hindi sa ganoon kaya lang...”

“Rush hour ngayon. Mahirap sumakay. Ihahatid na kita.”

Lumunok si Sabina. Naglalaban ang kanyang isip at puso kung sasakay ba o hindi. Wala naman sigurong masama kung makisabay siya sa isa sa mga estudyante niya. After all, theirs was just an informal class. At saka bilang bago sa lugar na iyon, dapat ay magkaroon siya ng maraming kaibigan.

Namalayan na lamang ni Sabina na nasa passenger seat na siya ng pick-up. Pero kahit luma iyon, malinis naman ang loob at air-conditioned.

Muli, nagulumihanan siya kay Sylvester. How come a construction worker had a vehicle? Kahit ba pipitsuging sasakyan iyon, sasakyan pa rin. Gusto sana niya itong tanungin pero nahihiya siya. Baka company owned iyon.

“Saan ka umuuwi, Ma’am?”

Naiilang siyang tinatawag nitong ‘Ma’am’, pero naisip niyang mabuti na rin ang gayong may pormalidad sa pagitan nila. “Sa Malvar St. Kina Anita Amarillo.”

“Kaibigan mo si Anita?” paniniguro nito.

Tumango siya. “Kaklase ko noong college. Siya ang nag-imbata sa akin na magturo dito sa San Alfonso.”

Tumango-tango ito at hindi na uli nagsalita.

Siya ma’y natahimik din.

Nang magsalita uli ang binata ay nagulat siya sa sinabi nito. “May... may restaurant tayong dadaanan. Baka gusto mong kumain muna bago kita ihatid kina Anita.”

Napabilis ang sagot niya. “Naku, hindi na! Naghihintay na si Anita sa akin.”

“Ah... okay. Sa susunod na lang siguro.”

Sa susunod? Ibig sabihin, iimbitahan siya nito? Gosh! Kapag nangyari iyon, baka hindi na niya magawang tumanggi.

Naging kaswal ang kanilang pag-uusap habang tumatakbo ang sasakyan pero hindi normal ang tibok ng puso ni Sabina. Alam niya, hindi niya maaaring itatwa sa kanyang sarili ang atraksyong hindi niya akalaing mararamdaman kay Sylvester.

She was vulnerable dahil sa sakit ng kaloobang dulot ng pagiging unfaithful ng lalaking inakala niyang hanggang wakas ay makakakasama niya. She had saved everything for Efren.

Gusto niyang matawa sa sarili. Kaya nga marahil nagawa siyang palitan ng lalaki ay dahil sa kanyang prinsipyong pag-iingat sa sarili. Siya na lang yata sa mga babae ngayon ang may prinsipyong huwag ibigay ang sarili sa nobyo gaano man katagal ang relasyon. She wanted to maintain her virginity until her wedding day. Iyon ang ipinangako niya sa sarili at sa mommy niya. Kaya nga hindi niya hinuhubad ang singsing na bigay ng magulang noong nag-debut siya na ang tawag nito ay purity ring. Hanggang suot daw niya ang singsing na iyon, hindi niya ibibigay ang sarili sa isang lalaki.

Mismatched Lovers - Nicole Stephanie

Hindi naging issue sa kanila ni Efren ang bagay na iyon. Iiginalang nito ang kanyang prinsipyo. Ang hindi niya akalain, sa ibang babae pala nito hinanap ang hindi niya kayang ibigay.

Ilang sandali pa'y nasa tapat na sila ng bahay ni Anita. "S-salamat," aniya.

Bahagyang tumango si Sylvester. "Welcome, Ma'am. See you tomorrow."

Kaagad siyang umibis mula sa pick-up. Hindi na niya sinagot ang sinabi nito. Nag-aalala siyang baka kung ano pa ang mabasa nito sa kanyang mga mata. Nagmamadali siyang pumasok sa gate, dere-derecho sa bahay.

Sinalubong siya ni Anita sa sala. "Mabuti at hindi ka nahirapang sumakay, Sabina. Naalala ko, madalang na ang tricycle kapag gabi na."

"Isinabay ako ng isang estudyante ko." Wala siyang balak na ikuwento rito ang tungkol sa estrangherong nararamdaman niya sa isang espesyal na estudyante niya kaya lihim siyang nagpasalamat na hindi nito inurirat kung sinong estudyante ang nagsabay sa kanya.